# MGA KARAPATAN SA PAG-APELA (APPEAL RIGHTS)

**Muling Pagsasaalang-alang (Reconsideration):** Mayroon kang karapatang hilingin na muling isaalang-alang ng Administratibong Hukom ng Batas (Administrative Law Judge, ALJ) ang Pinal na Kautusan na ito. Binagong Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) 34.05.470 at Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 388-02-0605. Ang iyong kahilingan ay dapat na nasa kasulatan at dapat na matanggap ng ALJ sa loob ng sampung (10) araw sa kalendaryo pagkalipas ng petsa ng pagpapadala ng Pinal na Kautusan.
Ang kahilingan ay dapat na matanggap bago lumipas ang 5:00 p.m. sa huling araw. WAC 388-02-0035(2). Ang mga kahilingan na in-upload sa Portal ng Kalahok o na natanggap sa pamamagitan ng fax pagkalipas ng 5:00 p.m. ay mamarkahan bilang natanggap sa susunod na araw ng negosyo. Kung ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang ay hindi matatanggap sa loob ng sampung araw na ito, hindi ito isasaalang-alang, at patuloy na tatakbo ang timeline para humiling ng pagsusuri mula sa kataas-taasang hukuman.

Kung nasa oras ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang, may dalawampung (20) araw ang ALJ para pagpasyahan ang kahilingan o para magpadala sa iyo at sa iba pang panig ng nakasulat na kahilingan na tumutukoy sa petsa kung kailan pagpapasyahan ng ALJ ang kahilingan. Tatanggihan ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang kung walang gagawin na aksyon ang ALJ sa loob ng dalawampung araw. Kung nasa oras ang kahilingan, ang timeline para humiling ng pagsusuri mula sa kataas-taasang hukuman ay magsisimula sa petsa kung kailan ipinadala ang kautusan para sa muling pagsasaalang-alang.

Kung maghahain ka ng kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang, ipapadala ito sa iba pang panig. Dapat mong alisin sa kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang ang lahat ng kumpidensyal na impormasyon na ayaw mong magkaroon ang iba pang panig. Aalisin ng Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig ang iyong address sa kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang. Responsibilidad mong alisin ang lahat ng iba pang kumpidensyal na impormasyon na ayaw mong matanggap ng iba pang panig.

**Pagsusuri Mula sa Kataas-taasang Hukuman (Superior Court Review):** Mayroon ka ring karapatang iapela ang Pinal na Kautusan na ito sa kataas-taasang hukuman sa loob ng tatlumpung (30) araw sa kalendaryo pagkalipas ng petsa ng pagpapadala ng Pinal na Kautusan. RCW 34.05.542(3) at WAC 388-02-0645. Hindi mo kailangang maghain ng kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang bago humiling ng pagsusuri sa kataas-taasang hukuman. Hindi puwedeng humiling ang Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Deparment of Social and Health

HALIMBAWA

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**

Services, DSHS) ng pagsusuri mula sa kataas-taasang hukuman. Sumangguni sa WAC 388-02-0650 para sa impormasyon tungkol sa kung paano ihain ang iyong kahilingan para sa pagsusuri mula sa kataas-taasang hukuman.

HALIMBAWA

KAHILINGAN PARA SA MULING PAGSASAALANG-ALANG (REQUEST FOR RECONSIDERATION)

| Pangalan: | Num. ng Docket Numero ng Kaso |
| --- | --- |
| | Num. ng DSHS |

Pakipaliwanag kung bakit gusto mong maisaalang-alang ang Pinal na Kautusan. Subukang maging partikular. Halimbawa, ipaliwanag:

- Kung bakit sa tingin mo ay mali ang Kautusan (kung bakit hindi ka sumasang-ayon dito).
- Kung paano dapat baguhin ang Kautusan.
- Ang kahalagahan ng ilang partikular na detalye na dapat isaalang-alang ng Administratibong Hukom ng Batas.

Gusto kong muling isaalang-alang ng Administratibong Hukom ng Batas ang Pinal na Kautusan dahil:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

PAKILAGAY ANG IYONG IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA SUSUNOD NA PAHINA

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**

HALIMBAWA

Kumpidensyal na Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Address: ________________________________

________________________________

________________________________

________________________________

________________________________

Telepono: ________________________________

Ipadala sa:

Office of Administrative Hearings
PO Box 42489 Olympia, WA 98504

HALIMBAWA

ABISO SA MGA PANIG NA NABIGONG HUMARAP (NOTICE TO PARTIES WHO FAILED TO APPEAR)

Pinal ang kautusang ito. Gayunpaman, ang sinumang panig na naka-hold bilang default ay puwedeng maghain ng petisyon na ipawalang-bisa ang Pinal na Default na Kautusan na ito at ipagpatuloy ang pagdinig. Ang panig ay dapat na makapagpakita ng katanggap-tanggap na dahilan kung bakit hindi humarap sa nakaiskedyul na pagdinig. Ang petisyon na ipawalang-bisa ay dapat na matanggap ng Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig o ng Board of Appeals ng DSHS sa loob ng 21 araw pagkalipas ng petsa ng pagpapadala ng kautusan na ito. Dapat mong ipadala ang iyong Petisyon sa sumusunod na address:

Office of Administrative Hearings
PO Box 42489 Olympia, WA 98504

May nakalakip na form ng Petisyon na Ipawalang-bisa ang Pinal na Default na Kautusan at Ipagpatuloy ang Pagdinig. Ang mga panuntunan para sa pagpapawalang-bisa sa Pinal na Default na Kautusan ay nakasaad sa Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (WAC) 388-14A-3700, WAC 388-14A-6150 at Sibil na Panuntunan 60 ng Kataas-taasang Hukuman ng Washington.

HALIMBAWA

PETISYON NA IPAWALANG-BISA ANG PINAL NA DEFAULT NA KAUTUSAN AT IPAGPATULOY ANG PAGDINIG (PETITION TO VACATE FINAL DEFAULT ORDER AND REINSTATE HEARING)

| Pangalan: | Num. ng Docket Numero ng Kaso |
| --- | --- |
| | Num. ng DSHS |

Hinihiling kong ipagpatuloy ang aking pagdinig. Ang dahilan kung bakit hindi ako humarap sa aking pagdinig ay:

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

Lagda at Petsa

PAKILAGAY ANG IYONG IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA SUSUNOD NA PAHINA

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**



HALIMBAWA

Kumpidensyal na Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Address: ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

Telepono: ______________________________

Ipadala sa:

Office of Administrative Hearings
PO Box 42489 Olympia, WA 98504

HALIMBAWA

DEKLARASYON NG SERBISYO (DECLARATION OF SERVICE)

Idinedeklara ko sa ilalim ng parusa ng perjury sa ilalim ng mga batas ng Estado ng Washington na ngayong araw na ito, ibinigay ko ang dokumentong ito sa bawat isa sa mga panig na nakalista sa ibaba. Nagpadala ako ng kopya sa mga panig sa kanilang mga nakatalang address gamit ang Consolidated Mail Services, U.S. Mail, o secure na email.

Listahan ng lahat ng pinadalhan ng Kautusan na ito.

Pinetsahan Petsa kung kailan inisyu at ipinadala ang Kautusan, sa Lungsod, Washington.

(PETSA NG PAGPAPADALA)

________________________________________

Kinatawan
Office of Administrative Hearings
PO Box 42489 Olympia, WA 98504

HALIMBAWA